<table>
<tr><th colspan="4">Lunes</th></tr>
<tr><th>Sinabawang Binti ng Baka na may Kabutent Espongha at Mansanitas</th><th>Niluto sa Tubig na Inihaw na Karneng Baboy na may Kundol</th><th>Tilad ng Karneng Baboy na may Sarsa ng Kahel</th><th>Prinitong Sutla ng Daing</th></tr>
<tr>
<td>Mga Sangkap:<br>Binti ng baka (binanlian) 10 taels<br>Kabuteng espongha 2 taels<br>Mansanitas naaangkop na dami<br>Mga Hakbang:<br>1. Pakuluin ang tubig; ilagay ang lahat ng sangkap at pakuluin; bawasan sa mahinang apoy at pakuluin ng 2 oras.<br>2. Timplahan ng asin at ihain.</td>
<td>Mga Sangkap:<br>Inihaw ng karneng baboy 2/3 catty<br>Kundol (hiniwa ng pira-piraso) 1<br>Mga Hakbang:<br>1. Gisahin ang inihaw ng karneng baboy sa mainit na mantika hanggang bumango; lagyan ang kundol at prituhin ng sabay-sabay.<br>2. Ilagay ang pangunang sabaw; timplahan ng asin at ihain.</td>
<td>Mga Sangkap:<br>Tilad ng karneng baboy 2/3 catty<br>Kahel (hiniwa) 1<br>Mga Hakbang:<br>1. Timplahan ang tilad ng karneng baboy ng 20 minuto.<br>2. Gilingin ang 1/2 ng balat ng kahel; paghaluin ng mabuti ng may katas ng kahel, puting suka, asukal, harinang mais at sarsa ng kamatis.<br>3. Prituhin ang tilad ng karneng baboy hanggang magkulay brown; palaputin ang sabaw hanggang lumapot; ilagay ang tilad ng karneng baboy at paghaluin ng mabuti.</td>
<td>Mga Sangkap:<br>Giniling na karpang putik 1 catty<br>Berde at pulang siling pukingan (ginayat) kalahati<br>Sibuyas kalahati<br>Mga Hakbang:<br>1. Timplahan ang karpang putik; ilagay ang mantika at prituhin hanggang magkulay brown; hiwain ng pira-piraso.<br>2. Gisahin ang berde at pulang pukingan at sibuyas ng mabuti, prituhin ang karpang putik sa kawali.<br>3. Timplahan ng asin at ihain.</td>
</tr>
<tr><th colspan="4">Martes</th></tr>
<tr><th>Sinabawang Hiniwang Karneng Baboy na may Sotanghong Munggo at Togue</th><th>Prinitong Dugo ng Baboy na may Kuchay</th><th>Pinakuluang Manok na may Kalabasa</th><th>Prinitong Ginayat ang Karneng Baboy na may Pechay Baguio</th></tr>
<tr>
<td>Mga Sangkap:<br>Karneng baboy (ginayat) 1/3 catty<br>Togue 1/4 catty<br>Sotanghong munggo 1 bigkis<br>Mga Hakbang:<br>1. Gisahin ang prinitong luya at bawang sa mainit ng mantika hanggang bumango; ilagay ang karneng baboy at prituhin ng ilang sandali.<br>2. Lagyan ng malinis na sabaw at pakuluin; ilagay ang usbong ng utaw at sotanghong munggo at pakuluin ng ilang sandali.<br>3. Ilagay ang panimpla at ihain.</td>
<td>Mga Sangkap:<br>Kuchay 4 taels<br>Dugo ng baboy 4 taels<br>Mga Hakbang:<br>1. Gisahin ang hiniwang bawang sa mainit na mantika hanggang bumango; ilagay ang dugo ng baboy at gisahin ng ilang sandali.<br>2. Ilagay ang kuchay at pakuluin hanggang matapos.<br>3. Ilagay ang panimpla at ihain.</td>
<td>Mga Sangkap:<br>Manok (hiniwa ng pira-piraso) kalahati<br>Kalabasa (hiniwa) 1/3 catty<br>Mga Hakbang:<br>1. Timplahan ang manok; ibabad ang kalabasa sa mantika at patuyuin.<br>2. Gisahin ang luya ang dahon ng sibuyas sa mainit na mantika hanggang bumango; ilagay ang manok at prituhin ng ilang sandali; ilagay ang sarsa ng talaba, binurong tahuri, mantika, asukal at tubig at pakuluin.<br>3. Ilagay ang kalabasa at pakuluin; lagyan ng panimpla at ihain.</td>
<td>Mga Sangkap:<br>Karneng baboy (ginayat) 1/4 catty<br>Pechay baguio 1/2 catty<br>Mga Hakbang:<br>1. Gisahin ang hiniwang bawang sa mainit na mantika hanggang bumango; ilagay ang karneng baboy at prituhin ng ilang sandali.<br>2. Ilagay ang pechay baguio at prituhin ng sabay-sabay.<br>3. Ilagay ang pangunang sabaw at gisahin hanggang matapos; lagyan ng panimpla at ihain.</td>
</tr>
<tr><th colspan="4">Miyerkules</th></tr>
<tr><th>Sinabawang laman ng baboy na may Sayote at Sitaw Turo</th><th>Pinasingawang Beche-de-mer na may Kabuteng Shitake</th><th>Prinitong Ginayat na Karne ng Baka na Tinanggalan ng Buto</th><th>Pinasingawang Dangit na may Pinatuyong Balat ng Dalanghita</th></tr>
<tr>
<td>Mga Sangkap:<br>Karneng baboy (binanlian) 10 taels<br>Sayote (binalatan) 1<br>Sitaw turo 2 taels<br>Mga Hakbang:<br>1. Pakuluin ang tubig; ilagay lahat ang mga sangkap at pakuluin; ipihit sa mahinang apoy at pakuluin ng 2 oras.<br>2. Timplahan ng asin at ihain</td>
<td>Mga Sangkap:<br>Beche-de-mer 1<br>Tuyong kabuteng shitake 4 taels<br>Mga Hakbang:<br>1. Gisahin ng pinitpit na bawang sa mainit na mantika hanggang bumango; ilagay ng beche-de-mer at kabuteng shitake at prituhin ng sabay-sabay.<br>2. Ilagay ang pangunang sabaw, sarsa ng talaba at asukal at lutuin hanggang ang sarsa ay sinipsip at ihain.</td>
<td>Mga Sangkap:<br>Karne ng baka (ginayat) 1/4 catty<br>Sariwang kabuteng shitake (diced) 2 taels<br>Utaw 2 taels<br>Karot 2 taels<br>Mga Hakbang:<br>1. Timplahan ang karne ng baka na tinanggalan ng buto; gisahin ang karne ng baka na tinanggalan ng buto ng ilang sandali.<br>2. Ilagay ang natitrang sangkap at prituhin ng sabay-sabay.<br>3. Ilagay ang panimpla at ihain.</td>
<td>Mga Sangkap:<br>Danggit 1 catty<br>Pinatuyong balat ng dalanghita naaangkop na dami<br>Mga Hakbang:<br>1. Ilagay ang pinatuyong balat ng dalanghita sa danggit.<br>2. Ilagay ang panimpla at pasingawan hanggang matapos.<br>3. Ilagay ang toyo at pinakulong mantika.</td>
</tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Huwebes** | | | |
| **Sinabawang Kundol na may Buto ng Lotus** | **Prinitong Manok na may Karot at Kabute** | **Talong na Binudburan ng Mantika** | **Pinakulong Murang Buto ng Baboy na may Sarsa ng Chu Haw at Patatas** |
| **Mga Sangkap:**<br>Kundol (hiniwa) 1/2 catty<br>Buto ng lotus 2 taels<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Pakuluin ang mainit na tubig; ilagay lahat ang mga sangkap at pakuluin hanggang lumambot.<br>2. Timplahan ng asin at ihain. | **Mga Sangkap:**<br>Manok (hiniwa ng pira-piraso) 2/5 catty<br>Karot 1/6 catty<br>Kabute 3 taels<br>Berde at pulang siling pukingan tig-iisa<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Timplahan ang manok; gisahin ang hiniwang bawang sa mainit na mantika hanggang bumango; ilagay ang manok at prituhin ng ilang sandali.<br>2. Ilagay ang natitirang sangkap at gisahin ng sabay-sabay; ilagay ang pangunang sabaw at gisahin ng mabuti.<br>3. Timplahan ng asin at ihain. | **Mga Sangkap:**<br>Talong (hiniwa ng pira-piraso) 1/2 catty<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Prituhin ang pira-pirasong talong hanggang magkulay brown.<br>2. Prituhin ang luya, dahon ng sibuyas sa mainit na mantika hanggang bumango; ilagay ang giniling na malalaking buto ng sitaw at talong.<br>3. Ilagay ang sabaw; lagyan ng panimpla; at banlian hanggang makuha ang lasa. | **Mga Sangkap:**<br>Murang buto ng baboy 1/2 catty<br>Patatas (hinati sa apat) 1/3 catty<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Itimpla ang murang buto ng karne ng 15 minuto.<br>2. Prituhin ang murang buto ng karne hanggang kalahating luto; dagdagan ng sarsa ng Chu Hau, patatas at sibuyas at pakuluin hanggang matapos. |
| **Biyernes** | | | |
| **Sinabawang Hiniwang Karne na may Pinpino** | **Prinitong Preskong Pusit na may Choi Sum** | **Pinasingawang Giniling na Tsuletang Karne ng Baka na may Inasinang Ugat ng Repolyo** | **Prinitong Kabute na may Brokoli** |
| **Mga Sangkap:**<br>Pipino (hiniwa) 1<br>Karneng baboy (hiniwa) 1/2 catty<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Magpakulo ng tubig sa kaserola; ilagay ang lahat na mga sangkap at pakuluan.<br>2. Hinaan ng apoy at pakuluan ng 2 oras; timplahan ng asin at ihain. | **Mga Sangkap:**<br>Pusit (binanlian) 1/2 catty<br>Choi sum 2/3 catty<br>Siling labuyo (ginayat) naaangkop na dami<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Gisahin ang luya, bawang at siling labuyo sa mainit na mantika hanggang bumango; gisahin ang sariwang pusit; lagyan ng bino.<br>2. Prituhin ang choi sum; ilagay ang pangunang sabaw, asukal, paminta at ihain. | **Mga Sangkap:**<br>Karne ng baka (giniling) 1/2 catty<br>Inasinang ugat ng repolyo naaangkop na dami<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Timplahan ang karne ng baka; ilagay ang inasinang ugat ng repolyo.<br>2. Pasingawan hanggang maluto.<br>3. Ilagay ang hiniwang dahon ng sibuyas at ihain. | **Mga Sangkap:**<br>Brokoli (hiniwa sa maliliit na piraso) 2/3 catty<br>Kabute 3 taels<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Gisahin ang hiniwang bawang sa mainit na mantika hanggang bumango; ilagay ang brokoli at prituhin ng sabay-sabay; lagyan ng panimpla; ihain at itabi muna.<br>2. Pakuluin ang kabute na may pangunang sabaw ng ilang sandali; ibudbud ito sa brokoli at ihain. |
| **Sabado/Linggo** | | | |
| **Sinabawang Manok na may Kastanyas, Adenophora at Polygonati** | **Nilutong Tiyan ng Isda na may Tangkay ng Utaw** | **Prinitong Tilad ng Karneng Baboy na may Itim na Paminta at Toyong Maputla** | **Pinasingawang Binalatang Sugpo na may Puti ng Itlog** |
| **Mga Sangkap:**<br>Manok (binanlian) 1<br>Adenophora at polygonati naaangkop na dami<br>Kastanyas 4 taels<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Pakuluin ang tubig; ilagay lahat ang mga sangkap at pakuluin; ipihit sa mahinang apoy at pakuluin ng 2.5 oras.<br>2. Timplahan ng asin at ihain. | **Mga Sangkap:**<br>Tiyan ng 10 taels<br>Tamban togue 1/2 catty<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Prituhin ang hiniwang luya sa mainit na mantika hanggang bumango; ilagay ng isda at prituhin hanggang ang magkabilang dulo ay maging magkulay brown.<br>2. Ilagay ang tubig; lagyan ng panimpla; lagyan ng tangkay ng utaw at pakuluin ng ilang sandali.<br>3. Palaputin ang sabaw at ihain. | **Mga Sangkap:**<br>Tilad ng karneng baboy 4 piraso<br>Pamintang ltim (pinitpit) 1 kutsara<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Timplahan ang tilad ng karneng baboy at haluin ng mabuti.<br>2. Prituhin ang tilad ng karneng baboy hanggang ang magkabilang panig ay magkulay brown.<br>3. Ilagay ang pamintang itim ang pangunang sabaw at pakuluin; lagyan ng asukal at toyong maputla; ilagay ang tilad na karneng baboy at paghaluin ng mabuti. | **Mga Sangkap:**<br>Binalatang sugpo 1/3 catty<br>Puti ng itlog ng manok 4<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Timplahan ang sugpo na may asin at paminta.<br>2. Ipaghalo ang puti ng itlog na may tubig at sugpo.<br>3. Pasingawan hanggang maluto at ihain. |